



## Ang Matsing at ang Pagong


Noong unang panahon, may magkaibigan—sina Matsing at Pagong. Lagi silang nagsasalo sa pagkain.

Isang araw, nakakita sila ng puno ng saging na palutang-lutang sa sapa. Agad na lumangoy si Pagong para kunin ang puno ng saging. Dinala niya iyon sa dalampasigan. Pinutol nila sa gitna ang puno at pinaghatian.

“Sa akin ang itaas na bahagi na may dahon,” sabi ni Matsing. Sa isip niya, mas madali itong mamumunga dahil may dahon na. Pumayag naman si Pagong.

Itinanim ni Matsing ang itaas na bahagi ng puno. Itinanim din ni Pagong ang bahagi ng puno na may ugat. Ang puno ni Matsing ay nalanta at namatay. Ang puno ni Pagong ay lumago, at di nagtagal, nagbunga ng maraming saging.

Isang araw, dahil hindi maakyat ni Pagong ang puno ng saging, kinausap niya si Matsing para pitasin ang mga hinog nang saging. Nagkasundo silang





maghati sa mga prutas.

Umakyat na nga si Matsing sa puno. Pero kinain niya ang mga prutas habang nasa itaas. Wala siyang itinira para kay Pagong.

Nagalit si Pagong. Kumuha siya ng maraming tinik at itinusok sa katawan ng puno. Pagkatapos, dali-dali siyang umalis. Nagkasugat-sugat ang katawan ni Matsing habang bumababa ito sa puno. Naisip niyang maghiganti kay Pagong.

Matagal na hinanap ni Matsing ang nagtatagong si Pagong. Sa wakas, nakita niya ito sa tabi ng mga halamang sili. Susunggaban na sana ni Matsing si Pagong nang nagsabi itong, "Tumahimik ka! Binabantayan ko ang matatamis na prutas ng mahal na hari."

"Bigyan mo ako niyan!" sabi ni Matsing.

"Sige, bibigyan kita." sabi ni Pagong. "Pero mangako kang hindi mo ito kakainin hangga't hindi ako nakakalayo. Baka makita ka ng hari, at maparusahan ako."

Pumayag si Matsing. Nang malayo na si Pagong, kinain na niya ang mga sili. Sa sobrang anghang ng sili ay namaga ang kaniyang bibig.

Hinanap ni Matsing si Pagong. Hanggang sa makita rin



niya ito sa tabi ng butas na binabahayan ng malaking sawa. Sasaktan na sana ni Matsing si Pagong nang sabihin nitong, “Kaibigang Matsing, gusto mo ba ng isang mahiwagang sinturon kagaya ng sa mahal na Hari?”

“Oo naman, gusto ko! Nasaan!” sagot ni Matsing.

Sumagot si Pagong, “Ilalabas ko na. Abangan mo.”

Agad na dinakma ni Matsing ang sawa. Pumulupot ito sa kaniyang katawan. Unti-unti siya nitong sinakal na muntik na niyang ikamatay. Pero nakawala rin siya. Lalo pang nagalit si Matsing kay Pagong.

Nagtago si Pagong sa loob ng isang bao. Pagod na pagod na si Matsing sa kahahanap kay Pagong. Naisip niyang umupo sa bao para magpahinga. Tinawag niya si Pagong, “Pagong nasaan ka?”

Malalim ang boses nang sumagot si Pagong, “Nandito ako!”

Tumingin si Matsing sa paligid pero wala siyang nakita. Tinawag niyang muli si Pagong, at muli itong sumagot. Inakala ni Matsing na galing sa kaniyang tiyan ang boses.

Hindi na makapagpigil si Matsing. Kumuha siya ng kahoy. Nang akmang papaluin na niya ang kaniyang tiyan, may nakita siyang tila buntot ng pagong na nakaipit sa bao.



Agad niyang inangat ang bao at nakita niya ang pawisang si Pagong. Mabilis na kumilos si Pagong, hanggang sa siya ay makarating sa patibong na ginawa niya mismo para magantihan si Matsing. Di-inaasahan, nahulog siya sa patibong—isaing hukay na may matutulis na kahoy. Mabuti na lang at nakahawak siya sa baging.

“Tulongan mo ako kaibigang Matsing. Patawarin mo ako sa aking mga ginawa,” pagmamakaawa ni Pagong.

Hindi naman nagdalawang-isip si Matsing. Agad niyang tinulungan ang kaibigang si Pagong. Humingi sila ng tawad sa isa’t isa. Mula noon, muling nagsama nang masaya ang magkaibigan.